



FACT SHEET

Balangkas na Estratehiya ng EPA para Mabawasan ang Lead Exposures at Disparities sa Mga Komunidad sa Estados Unidos Nobyembre 2021

Website: <https://www.epa.gov/lead/draft-strategy-reduce-lead-exposures-and-disparities-us-communities>

Ano ang Balangkas na Estratehiya ng EPA para Mabawasan ang Lead Exposures at Disparities sa Mga Komunidad sa Estados Unidos?

Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay bumuo at hangad ang pampublikong komento sa balangkas na *Estratehiya ng EPA para Mabawasan ang Lead Exposures at Disparities sa Mga Komunidad sa Estados Unidos* (Estratehiya sa Lead). Ang balangkas na Estratehiya sa Lead ay batay sa mga layunin na naitakda sa plano ng kabuuan ng gobyerno sa taong 2018¹ at sumusuporta sa *Executive Order on Advancing Equity and Support for Underserved Communities Through the Federal Government*. Ang balangkas na Lead Strategy ay nagtatakda sa mga pamamaraan ng Agency at ng buong gobyerno upang mapalakas ang mga proteksyon sa pampublikong kalusugan, matugunan ang legacy lead na kontaminasyon para sa mga komunidad na pinakamatindi ang pagkakalantad at mataguyod ang environmental justice.

Bakit Mahalaga ang Estratehiya ng EPA para Mabawasan ang Lead Exposures at Disparities sa Mga Komunidad sa Estados Unidos?

Ang patuloy na pagkakalantad sa lead sa kapaligiran ay may malaking panganib sa kalusugan sa masyado maraming tao sa buong bansa. Ang lubos na mababang level ng lead sa dugo ng mga bata ay na-ugnay sa mga salungat na epekto sa talino, konsentrasyon, at academic achievement.² Ang Estados Unidos ay may nagawang malaking progreso sa pagbabawas ng pagkakalantad sa lead, pero ang mga mahahalagang di pagkakapantay-pantay na pamamahagi ay nananatili sa mga racial, ethnic at socioeconomic na area. Halimbawa, ang mga black na bata at iyong mga galing sa may mababang kitang household ay patuloy na natutuklasang mas mataas ang antas ng lead sa dugo kaysa sa mga non-Hispanic na white na bata at iyong galing sa mas mataas na kitang household.³ Ang EPA ay nag-develop ng Estratehiya sa Lead para makapag-focus sa pag-aalis ng



¹ Federal na Plano sa Pagkilos para Mabawasan ang Pagkakalantad ng Kabataan at Mga Nauugnay na Epekto sa Kalusugan. Disyembre 2018. https://ptfceph.niehs.nih.gov/resources/lead_action_plan_508.pdf

² NTP (2011) <https://ntp.niehs.nih.gov/go/36443>

³ Egan et al. (2021) *Env. Health Pers.* <https://doi.org/10.1289/EHP7932>

mga kahinaang ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga naka-target na kilos para maiwasan ang pagkakalantad ng mga bata na maaaring humantong sa panghabang buhay na epekto sa kalusugan at mga hadlang sa social at economic na kapakanan.

Ang balangkas na Estratehiya sa Lead ay kumikilala sa apat na mga layunin at nangangako na kumuha ng iba't ibang mga kilos para matugunan ang mga pangunahing problema na nag-aambag sa pagkakalantad sa lead sa mga komunidad. Ang mga pakay ay:

Unang Pakay: Bawasan ang Pagkakalantad ng Komunidad sa mga Pinagmumulan ng Lead,

Ikalawang Pakay: Kilalanin ang mga Komunidad na may Mataas na Pagkakalantad sa lead at Mapahusay ang Mga Kalusugan Nila,

Ikatlong Pakay: Mas Mabisang Makipag-ugnayan sa Mga Stakeholder

Ikaapat na Pakay: Suportahan at Magsagawa ng Critical Research para Maipagbigay-alam ang Mga Pagsisikap para Mabawasan ang Pagkakalantad sa Lead at Mga May Kaugnayan dito na Panganib sa Kalusugan.

Para matamo ang mga layunin na ito, kinilala ng EPA ang mga bagong pamamaraan na gagabay sa mga kilos ng EPA at mamumumo sa mas malaking kolaborasyon sa loob ng Ahensya at ng mga pederal na kapartner:

Unang Pamamaraan: Mabawasan ang lead exposures locally na naka-focus sa mga komunidad na may pagkakaiba at itataguyod ang environmental justice

Ikalawang Pamamaraan: Mabawasan ang lead exposure sa bansa sa pamamagitan ng protektibong pamantayan, mga analytical tool, at pakikipag-ugnayan, and

Ikatlong Pamamaraan: Bawasan ang mga lead exposure gamit ang pamamaraan na "kabuuan ng EPA" at "kabuuan ng gobyerno".

Paano ako magiging bahagi?

Ang Estratehiya sa Lead ay available para mabigyang komento ng publiko sa <https://www.regulations.gov/docket/EPA-HQ-OLEM-2021-0762> Docket number: EPA-HQ-OLEM-2021-0762). Ang Agency ay nagpapalano rin ng multiple na virtual listening session para makapaghandog sa mga organisasyon at indibiduwal ng iba pang pormal na paraan para makapagbigay ng input.

Ang EPA ay interesado sa input mula sa maraming iba't ibang mga stakeholder kasama, pero hindi limitado sa, mga komunidad na di wastong naaapektuhan ng mga pagkakalantad sa lead, estado, Tribal, U.S. Territory, at mga lokal na gobyerno, at pati na rin gmga non-governmental na organisasyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa balangkas na Estratehiya sa lead at panghinaharap na virtual listening sessions, mangyaring bumisita sa:

<https://www.epa.gov/lead/draft-strategy-reduce-lead-exposures-and-disparities-us-communities>

EPA Publication Number: 540F21002

